Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-06 NG ENERO, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ENRICO C. CAPULE | Kasangguni<br>Pansamantalang Nangulo sa Hapag |
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | Kasangguni (Nakabakasyon) |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 02-2022**

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATAW NG PARUSANG TATLONG (3) BUWANG SUSPENSYON KAY PUNONG BARANGAY EMMANUEL LAZARO NG BARANGAY BALAYONG, LUNGSOD NG MALOLOS, KAUGNAY SA KASONG ADMINISTRATIBO BLG. 11-2020.**

**AKDA NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD**
**ITINAGUYOD NI: KGG. EDGARDO F. DOMINGO**

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Section 1, Article 11 ng Saligang Batas ng Pilipinas, "Ang pagtitiwala ng bayan ay angkin ng katungkulang pambayan. Ang mga pinuno at mga kawaning pambayan ay kinakailangang mamalaging nananagutan sa mga taong-bayan, maglingkod sa kanila na taglay ang pinakamataas na pakundangan, dangal, katapatan at kahusayan, manuparan na taglay ang pagmakabayan at katarungan, at mabuhay nang buong kapakumbabaan";

**SAPAGKAT**, batay sa itinatadhana ng Seksyon 61 (c) ng Local Government Code of 1991 (RA 7160) at Seksyon 125 (c) ng Implementing Rules and Regulations (IRR) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ay may kapangyarihan ang Sangguniang Panlungsod na duminig sa mga inihahaing kasong administratibo laban sa mga halal na opisyal ng Sangguniang Barangay gayundin ang maaaring ipataw na kaparusahan sa sandaling mapatunayan ang reklamo hinggil sa opisyal ng barangay;

**SAPAGKAT**, ang mga batas at regulasyon ay umiiral upang magbigay ng kaayusan sa lipunan at pangalagaan ang mga mamamayan, kung kaya't ang mga ito ay dapat sundin at tupdin higit lalo ng mga taong nasa katungkulang pambayan;

**SAPAGKAT**, pormal na naghain ng kasong administratibo sa Sangguniang Panlungsod ang mga nagrereklamo laban kay Punong Barangay Emmanuel C. Lazaro ukol sa di-umano'y illegal at maling paggamit ng sasakyan ng barangay (Garbage Truck), matapos na ito ay maitukoy sa Lupon sa Kagandahang Asal at Mabuting Pamamahala ay pormal na pinadalhan ng sipi ng reklamo si Punong Barangay Lazaro upang sagutin ang mga alegasyon laban sa kanya gayundin ay makapaghain ng mga kinakailangang dokumento;

**SAPAGKAT**, batay sa reklamong inihain nina Kagawad Charlie P. Cruz, Kagawad Rosa Q. Guimbao at Kagawad Reynaldo B. Mendiola laban kay Punong Barangay Lazaro ay inakusahan nila itong lumabag sa itinatadhana ng mga umiiral na batas na nagbabawal sa paggamit sa mga sasakyan ng pamahalaan maliban na lamang kung ito ay opisyal na lakad o' gamit at batay pa din sa kanilang reklamo ay ginagamit ito ni Punong Barangay Lazaro sa kanyang negosyo na panaderya;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** sa naging tugon ni Punong Barangay Lazaro na may petsang ika-28 ng Oktubre, 2020 ay kanyang pinabulaanan ang mga paratang laban sa kanya ngunit kanya ding isinalaysay at inamin niyang dalawang (2) beses lamang ginamit ni Gng. Gloria Lazaro (Nanay ni PB Lazaro) ang nasabing truck upang maghakot ng kahoy na panggatong;

**SAPAGKAT,** batay naman sa naging Sinumpaang Salaysay ni Gng. Felicitas Borlongan, 57 taong gulang at naninirahan sa Barangay Balayong na personal niyang narinig mula kay PB Lazaro na dalawang beses lamang niya itong ginamit gayundin ay kanyang isinasalaysay na madalas niyang nakikitang dumaraan ang nasabing truck sa tapat ng kanilang bahay sakay ang mga putol-putol na kahoy;

**SAPAGKAT,** batay sa naging pag-aaral ng Lupon sa Kagandahang Asal at Mabuting Pamamahala ay napatunayan na ang TRUCK ng Barangay ay ginamit ng inirereklamo para sa pansariling kapakanan sa pamamagitan ng kanilang panaderya na labag sa batas;

**SAPAGKAT,** ayon sa itinatadhana ng ADMINISTRATIVE ORDER NO. 239 o' may titulong **PROHIBITING THE USE OF GOVERNMENT VEHICLES FOR PURPOSES OTHER THAN OFFICIAL BUSINESS, AND FOR OTHER PURPOSES** ay mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit ng sasakyan ng pamahalaan sa pribadong gamit;

> "SECTION 2. The use of government vehicles for private social functions such as receptions, balls, theatres, and for other personal purposes is absolutely prohibited. Likewise, use thereof by the spouses, children, relatives, friends, and the like of the officials entitled thereto, even if they are in the company of said officials, is strictly prohibited".

**SAPAGKAT,** gayundin ang itinatadhana nito sa Section 1 paragraph 2 na nagsasaad na:

> "The use of government vehicles on Sundays, legal holidays, or out of the regular office hours or outside the route of the officials or employees authorized to use them, or by any person other than such officials or employees, shall unless properly authorized, be ***prima facie* evidence of violation of this Section in the administrative proceeding against the officials or employees responsible of such violation".**

**SAPAGKAT,** sa naging talastasan ng mga kasapi ng Lupon ay napagkaisahang sinang-ayunan ng lahat na si Punong Barangay Emmanuel Lazaro ay nagkasala ng Gross Misconduct in Office, Misconduct is "a transgression of some established and definite rule of action, more particularly, unlawful behaviour or gross negligence by a public officer". The misconduct is grave if it involves any of the additional elements of corruption, wilful intent to violate the law or to disregard established by substantial evidence (CSC vs. Ledesma, G.R. No. 154521. September 30, 2005).

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Article 130 (c) ng Implementing Rules and Regulations ng Local Government Code of 1991, ang parusa kaugnay sa mga kasong administratibong dininig ng Sangguniang Panlungsod ay hindi dapat hihigit ng anim (6) na buwan kada administratibong paglabag;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Edgardo F. Domingo** na pinangalawahan ni **Kgg. Miguel Carlos B. Soto,** ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na si Punong Barangay Emmanuel C. Lazaro ay napatunayang nagkasala ng "Simple Misconduct in Office" batay sa mga ebidensiya at dokumentong iprinisinta sa mga pagdinig;

**IPINASIYA PA RIN,** na patawan ng PARUSANG TATLONG (3) BUWANG SUSPENSYON KAY PUNONG BARANGAY EMMANUEL C. LAZARO NG BARANGAY BALAYONG, LUNGSOD NG MALOLOS, KAUGNAY SA KASONG ADMINISTRATIBO BLG. 11-2020.

**PINAGTIBAY.**

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

| | |
|---|---|
| *****KGG. NOEL G. PINEDA**<br>PANG. PUNONG LUNGSOD | **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI | ****KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**<br>KASANGGUNI |
| ******KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI | ******KGG. DENNIS D. SAN DIEGO** |
| ***KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| ******KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | ******KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
***Local Legislative Staff Officer V***
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI – Pansamantalang Nangulo sa Hapag

*hindi nakadalo
**wala sa panahon na pinagtibay ang Kapasiyahang Panlungsod
***isinalin ang Pangungulo ng Hapag sa Kasangguni/Lumiban na sa Pagpupulong
****hindi nakibahagi sa talakayan sa panahon na pinagtibay ang Kapasiyahang Panlungsod

DhorieTrogo(SDC2)*01072022